

Ang brochure na ito ay isinalin sa mga sumusunod na wika:

- Afrikaans
- Arabo
- Tradisyonal na Tsino
- Croatian
- Olandes
- Pranses
- Aleman
- Griyego
- Hindi
- Indones
- Italyano
- Hitang
- Wikang Malay
- Pinasimpleng Tsino
- Poland
- Serbian
- Espanyol
- Tagalog (Filipino)
- Biyetnames
- Punjabi

Mangyaring bisitahin ang Healthy WA upang mai-download ang mga isinalin na polyeto: www.health.wa.gov.au



Serbisyo sa Pag-iinterpretar – Mangyaring humiling ng interpreter kung kailangan mo ng tulong sa pakikipag-usap sa serbisyo ng kalusugan sa iyong wika.

**Suporta sa Telepono
Maagang Pagpapalano sa Pangangalaga**

9222 2300

acp@health.wa.gov.au
www.health.wa.gov.au/advancecareplanning

Impormasyon • payo • mga sanggunian
• eLearning



Ang dokumentong ito ay makukuha sa alternatibong pormat kung hihilingin para sa isang maykapansanan

Produced by WA Cancer and Palliative Care Network
© Department of Health 2017

Copyright to this material is vested in the State of Western Australia unless otherwise indicated. Apart from any fair dealing for the purposes of private study, research, criticism or review, as permitted under the provisions of the *Copyright Act 1968*, no part may be reproduced or re-used for any purposes whatsoever without written permission of the State of Western Australia.

healthywa.wa.gov.au




Government of Western Australia
Department of Health

Filipino (Tagalog)

Maagang Pagpapalano sa Pangangalaga

Pagpapalano para sa Pangangalaga ng iyong kalusugan



Kung naging malubha ang iyong karamdaman o nagkaroon ka ng seryosong kapansanan, sino ang gagawa ng mga desisyon sa pangangalaga para sa iyo?

mabuting kalusugan • mas mabuting pangangalaga
• mas murang halaga


WCP-013363 OCT-17

Ano ang Maagang Pagpaplano sa Pangangalaga

Ano ang Maagang Pagpaplano sa Pangangalaga?

Ang Maagang Pagpaplano sa Pangangalaga ay tungkol sa pagpaplano para sa pangangalaga ng iyong kalusugan sa hinaharap. Ito ay para sa mga taong 18 taong gulang at mas matanda. Ang tatlong hakbang na proseso ay tutulong sa iyo upang magpasya kung ano ang itatanong, sino ang tatanungin at kung paano isasagawa ang iyong plano.

1. Magtanong



Magtanong tungkol sa:


- iyong mga pagpipilian sa pangangalaga ng kalusugan
- ano ang maaaring mangyari sa iyo sa hinaharap
- saan ka maaaring pumunta para sa karagdagang impormasyon
- sino ang maaari mong kausapin.

Tandaan

Maaari kang humiling ng interpreter, kung kinakailangan.

Maagang

2. Makipag-usap




Maaari kang makipag-usap sa:

- kapartner / kapamilya / kaibigan
- doktor
- mga propesyonal ng kalusugan
- espirituwal na lider o tagapayo
- network ng suporta sa komunidad
- Enduring Guardian (Nagtatagal ng Guardian)*
(kung mayroon kang itinalaga).

* Ang Enduring Guardian ay isang taong maaari mong italaga upang gumawa para sa iyo ng mga desisyon na personal, may kinalaman sa estilo ng buhay at paggamot, sakaling hindi mo na kaya.

Pagpaplano sa

3. Isagawa



Maaari mong:

- sabihin sa iba kung ano ang mahalaga sa iyo
- ipagpatuloy ang pakikipag-usap
- isulat ito
 - Direktiba sa Maagang Pangangalaga sa Kalusugan (Advance Health Directive)
 - Nagtatagal na Kapangyarihan ng Pagiging Guardian (Enduring Power of Guardianship)
 - Plano sa Maagang Pangangalaga (Advance Care Plan).

Pangangalaga